

## Umaapaw Pa Rin Na Mga Tangke!

Pebrero 2016



Maraming tangke ang sabay nagliyab sa apoy



Pinsala sa pasilidad pagkatapos ng apoy

Ang *Chemical Safety Board (CSB)* ng Estados Unidos ay nagpalabas kamakailan ng resulta sa kanilang imbestigasyon sa sunog sa mga tangke ng produkto petrolyo sa Puerto Rico noong ika-23 ng Oktobre 2009<sup>1</sup>. Marami nang nailathala ang *Process Safety Beacons* sa mga nangyayaring pag-apaw ng mga tangke – halimbawa, Set. 2004, Set. 2006, at Set. at Okt. 2009. Bigyan pansin na ang huling pag-apaw nangyari sa mismong buwan na nagkaroon ng pangyayari sa Puerto Rico!

Kabilang sa ulat ng CSB (Apendiks B) ang listahan ng 22 pangunahing sunog sa mga tangke mula 1962, - ang pangyayari na inilarawan sa 2009 *Beacons* ay hindi kasali. Kawili-wili na 19 sa 22 pangyayari na nakalista sa ulat ng CSB ay nasasangkot sa pag-apaw ng tangke. Sa mga salisimuot na operasyon na nangyayari sa mga pasilidad proseso, di inaasahan na ang paglagay ng sobrang daming materyal sa isang tangke ay kalimitan dahil na medyor na mga pangyayari.

Hindi mapagkakatiwalaan na mga instrumento, kulang-kulang na pamamaraan, at walang hiwalay na proteksyon sa pag-apaw ng mga tangkeng imbakan ay iilan lamang sa mga operasyon at teknikal na mga kadahilanan sa pangyayari sa Puerto Rico, at malamang sa ibang kaparihang mga pangyayari.

<sup>1</sup> <http://www.csb.gov/caribbean-petroleum-refining-tank-explosion-and-fire/>

### Alam mo ba?

- Maski na ang operasyon sa inyong mga imbakan ng mga tangke ay parang hindi masalimuot, ang mga ito ay posibleng talagang mas komplikado kaysa inaakala. Posibleng mayroong madaming koneksyon sa pagitan ng mga tangke, at posibleng malagyan ng materyal ang mga tangke na malapit nang mapuno, o mahahati ang pumapasok na materyal sa magkahiwalay na tangke.
- Ang inyong imbakan ng mga tangke ay posibleng naglalaman ng pinakamalaking imbentaryo ng mapanganib na materyal sa inyong planta. Kung sakaling may mangyari ay siguradong ito ay malaki.

### Ano ang puwede mong gawin?

- Huwag maliitin ang kahihinatnan ng pag-apaw ng sumisiklab, madaling magningas, o nakakalasang materyal galing sa tangke!
- Basahin ang bahaging “**Ano ang puwede mong gawin?**” sa 9/2004, 9/2006, 9/2009, and 10/2009 *Beacons*. Ang mga ito ay nasa *CCPS website* (tingnan ang hanay ng mga dokumento para mahanap ang iyong wika, kung mayroon man):
  - 9/2004 - <http://www.aiche.org/ccps/resources/process-safety-beacon/200509/english>
  - 9/2006 - <http://www.aiche.org/ccps/resources/process-safety-beacon/200609/english>
  - 9/2009 - <http://www.aiche.org/ccps/resources/process-safety-beacon/200909/english>
  - 10/2009 - <http://www.aiche.org/ccps/resources/process-safety-beacon/200910/english>

## **Itigil ang pag-apaw ng mga tangke!**